

	School		Grade Level	7
	Teacher		Subject	Aral. Pan.
	Teaching Dates and Time		Quarter	First

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN

A. Mga Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

B. Mga Pamantayan sa Pagganap

Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto

- Naipaliliwanag ang mahalagang ginampanan ng katangiang pisikal ng Pilipinas at ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.

D. Nilalaman

Aralin 1–4: Lokasyon, Pisikal na Katangian, Epekto sa Pamumuhay, at Pagbuo ng Proyekto

E. Integrasyon

Pagsasanay sa Kritikal na Pag-iisip, Pagpapahalaga, ICT

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

- Abejo et al. (2017). *Kasaysayan ng Asya*. Vibal Group, Inc.
- Guillermo et al. (2015). *Kasaysayan ng Mamamayan ng Asya*. IBOB Books.
- Celada & Aquino (2018). *Paglinang sa Kasaysayan 7*. Diwa Learning Systems.
- Asia Society – Southeast Asia

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (5 minuto)

Gawain: Balik-Tanaw

Panuto: Sagutin ang tanong sa pisara:

Ano ang natatandaan mo tungkol sa mga aralin na natalakay na natin ngayong linggo?

B. Paglalahad ng Layunin (5 minuto)

Gawain: Pagganyak



Panuto: Ipakita ang larawan ng isang mapa ng Timog Silangang Asya.

Tanong:

Paano kaya nakatulong ang pisikal na katangian ng rehiyon sa paghubog ng kasaysayan nito?

C. Pagsasanay sa Wikang Ginagamit sa Aralin (5 minuto)

Gawain: Talasalitaan

Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang:

- Heograpiya
- Biodiversity
- Siltation
- Red Tide
- Kontinente

D. Pagbasa ng Pangunahing Kaisipan o Tema (10 minuto)

Teksto:

Ang Timog Silangang Asya ay nahahati sa Mainland at Insular. Ang pisikal na katangian ng rehiyon ay may malaking epekto sa kabuhayan, kultura, at kasaysayan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga anyong lupa, anyong tubig, klima, at likas na yaman, mauunawaan ang ugnayan ng kapaligiran sa pamumuhay ng tao.

E. Pagpapaunlad ng Pag-unawa sa Pangunahing Kaisipan o Tema (5 minuto)

Gawain: Pagsagot ng Multiple-Choice

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa pagsusulit na ibibigay.

F. Pagpapalalim ng Pag-unawa sa Pangunahing Kaisipan o Tema (5 minuto)

Gawain: Pag-uugnay ng Tanong sa Karanasan

Panuto: Sagutin ang tanong:

Alin sa mga tanong sa pagsusulit ang pinaka-nagpaunawa sa iyo sa ugnayan ng kalikasan at kasaysayan? Ipaliwanag.

G. Paglalahat at Abstraksyon (5 minuto)

Gawain: Pagninilay

Panuto: Sagutin ang mga pahayag:

- Nalaman kong...
- Naramdaman kong...
- Gusto kong matutunan pa...

IV. Pagtataya: Multiple-Choice Assessment

A. Remembering (6 items)

1. Alin sa mga sumusunod ang kabilang sa Mainland Southeast Asia?
 - A. Pilipinas
 - B. Indonesia
 - C. Myanmar
 - D. Brunei
2. Ano ang tawag sa pag-aaral ng pisikal na katangian ng daigdig?
 - A. Kabihasnan
 - B. Heograpiya
 - C. Biodiversity
 - D. Urbanisasyon
3. Alin sa mga sumusunod ang anyong tubig sa Timog Silangang Asya?
 - A. Dagat Celebes
 - B. Himalayas
 - C. Sahara
 - D. Andes

4. Ano ang pangunahing kabuhayan sa rehiyon?
 - A. Industriya
 - B. Agrikultura
 - C. Pagmimina
 - D. Pangangisda
5. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa pisikal na katangian ng rehiyon?
 - A. Bundok
 - B. Disyerto
 - C. Ilog
 - D. Bulkan
6. Ano ang tawag sa sona kung saan madalas ang lindol at pagputok ng bulkan?
 - A. Ring of Fire
 - B. Ozone Layer
 - C. Kontinente
 - D. Red Tide

B. Understanding (6 items)

7. Paano nakaaapekto ang matabang lupa sa kabuhayan ng mga tao?
 - A. Nagpapababa ng kita
 - B. Nagpapalago ng agrikultura
 - C. Nagdudulot ng tagtuyot
 - D. Nagpapataas ng polusyon
8. Ano ang epekto ng Red Tide sa kabuhayan?
 - A. Pagdami ng isda
 - B. Pagkalason ng pagkain
 - C. Pagtaas ng presyo ng gulay
 - D. Paglago ng agrikultura
9. Paano nakaaapekto ang klima sa agrikultura?
 - A. Nagpapababa ng ani
 - B. Nagpapataas ng ani
 - C. Walang epekto
 - D. Nagdudulot ng taglamig
10. Ano ang kaugnayan ng anyong tubig sa kultura ng mga mamamayan?
 - A. Pinagmumulan ng relihiyon
 - B. Pinagmumulan ng kabuhayan
 - C. Pinagmumulan ng teknolohiya
 - D. Pinagmumulan ng edukasyon
11. Ano ang epekto ng deforestation sa pamumuhay ng tao?
 - A. Pag-unlad ng turismo
 - B. Pagkawala ng likas na yaman
 - C. Pagtaas ng kita
 - D. Pagdami ng hayop
12. Ano ang kahalagahan ng biodiversity?
 - A. Nagdudulot ng polusyon
 - B. Nagbibigay ng balanse sa ekosistema
 - C. Nagpapataas ng temperatura
 - D. Nagpapababa ng populasyon

C. Applying (3 items)

13. Kung ikaw ay nakatira sa kapuluan, anong kabuhayan ang maaari mong pasukin?
 - A. Pagsasaka

- B. Pangingisda
 - C. Pagmimina
 - D. Pag-aalaga ng hayop
14. Paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa kalikasan sa paaralan?
- A. Pagtapon ng basura sa ilog
 - B. Paggamit ng plastik araw-araw
 - C. Pagtatanim ng halaman
 - D. Pagsunog ng basura
15. Kung may Red Tide sa inyong lugar, ano ang dapat gawin?
- A. Kumain ng lamang-dagat
 - B. Mag-imbak ng isda
 - C. Iwasan ang pagkain ng lamang-dagat
 - D. Magtinda ng isda sa palengke

D. Analyzing (3 items)

16. Ano ang pagkakaiba ng Mainland at Insular Southeast Asia?
- A. Parehong may bundok
 - B. Isa ay kapuluan, isa ay kontinente
 - C. Parehong may disyerto
 - D. Isa ay may yelo, isa ay mainit
17. Paano nakaaapekto ang pisikal na katangian sa pagbuo ng kultura?
- A. Nagdidikta ng relihiyon
 - B. Nagdidikta ng kabuhayan
 - C. Nagdidikta ng edukasyon
 - D. Nagdidikta ng teknolohiya
18. Ano ang ugnayan ng klima at uri ng pananim sa rehiyon?
- A. Walang ugnayan
 - B. Direktang nakaaapekto
 - C. Hindi mahalaga
 - D. Nagpapababa ng ani

E. Evaluating (1 item)

19. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahusay na hakbang upang mapangalagaan ang likas na yaman ng Timog Silangang Asya?
- A. Pagputol ng puno
 - B. Pagmina sa kagubatan
 - C. Pagtatanim ng puno
 - D. Pagtatayo ng pabrika sa kagubatan

F. Creating (1 item)

20. Bumuo ng isang slogan na nagpapakita ng ugnayan ng kalikasan at kasaysayan ng Timog Silangang Asya.
- A. "Kalikasan ay Buhay, Kasaysayan ay Gabay"
 - B. "Kalikasang Wasak, Kasaysayang Malungkot"
 - C. "Kultura at Kalikasan, Magkaagapay sa Pag-unlad"
 - D. Lahat ng nabanggit

Answer Key

- | | | |
|------|-------|------|
| 1. C | 8. B | 15.C |
| 2. B | 9. B | 16.B |
| 3. A | 10.B | 17.B |
| 4. B | 11. B | 18.B |
| 5. B | 12.B | 19.C |
| 6. A | 13.B | 20.D |
| 7. B | 14.C | |

IV. Takdang-Aralin**Gawain: Quiz Notebook**

Panuto: Sagutin muli ang mga tanong sa pagtataya sa inyong quiz notebook. Isulat ang paliwanag sa bawat sagot.